ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 2
Enero 21, 2018
www.philippinerevolution.info

## Kumpanya ng mina, pinarusahan

NIREYD NG MGA Pulang mandirigma ng Comval-Davao Gulf Subregional Command ng Bagong Hukbong Bayan-Southern Mindanao Region ang RAM Aggregates, Inc., isang kumpanya na nagmimina ng nikel sa Barangay Puntalinao, Banay-banay, Davao Oriental noong Enero 4.

Nakumpiska sa nasabing reyd ang isang ripleng Garand na may sniper scope, isang M79 grenade launcher, dalawang shotgun, dalawang pistola at daan-daang mga bala at iba pang mga gamit militar. Kasabay nito, pinaralisa ng mga Pulang mandirigma ang mga gamit sa minahan kabilang ang anim na backhoe, isang buldoser at isang dumptruck.

Ang pamamarusa ay alinsunod sa patakaran ng Partido Komunista ng Pilipinas na protektahan ang kalikasan sa anumang mapangwasak na malakihang pagmimina at yaong mga kumpanya na nakikipag-ugnayan sa mga dayuhang mamumuhunan na walang ginawa kundi dambungin ang mga natural na yaman ng bansa habang pinagsasamantalahan ang mga manggagawa at magsasaka.

Kasabay nito, inilunsad ng 1st Pulang Bagani Battalion ang punitibong aksyon laban sa mapaminsalang mga kumpanyang Sumitomo Fruits Corp. at Highland Banana Corporation sa Barangay Tamayong, Calinan District, Davao City noong Enero 13, alas-8 ng umaga. Tatlong trak ng boom sprayer ang pinaralisa ng mga Pulang mandirigma. AB




EDITORYAL

# Wakasan ang batas militar ng rehimeng US-Duterte sa Mindanao

Dumadanak ang dugo ng mamamayan sa Mindanao sa ilalim ng batas militar at todo-gera ng rehimeng US-Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan. Noong 2017 lamang, mayorya ng 126 na pinaslang ng kanyang mga berdugong militar at paramilitar ay mula sa Mindanao. Karamihan sa mga biktima ay mga Lumad at magsasaka na aktibong lumalaban sa pangangamkam ng kanilang mga lupa at dumedepensa sa kanilang mga karapatan.

Umiiral ang lantarang teroristang paghahari ni Duterte sa Mindanao. Nasa anyo ito ng mga direktang atake sa mga sibilyan at kanilang mga komunidad, mga pamamaslang na ala-Palparan, todo-todong pangwawasak ng kabuhayan at mga ari-arian at malawakang panggigipit, mga iligal na pang-aaresto at detensyon.

Tuluy-tuloy ang pagdami ng mga paglabag sa karapatang-tao na maituturing nang mga krimen sa sangkatauhan. Pinakahuli rito ang pagmasaker sa walong Lumad sa Lake Sebu, South Cotabato at tangkang pagsunog sa magkaibigang minero sa Masara. Compostela Valley. Krimen din laban sa sangkatauhan ang ilang buwang pambobomba at okupasyon ng AFP sa Marawi City na nag-iwan ng 3,000 sibilyang patay,

hindi mabilang na nawawala at pagkawasak ng buong syudad na nagkakahalaga ng mahigit P100 bilyon.

Liban sa Marawi, libu-libo rin ang itinaboy ng AFP sa mga prubinsya ng Lanao, Maguindanao at iba pang lugar ng mga Moro, gayundin sa prubinsya ng Surigao, Davao, Cotabato, Bukidnon, Agusan, Compostela Valley at Misamis. Gamit ang mga modernong armas mula sa US tulad ng mga pandigmang eroplano at drone, walang puknat ang militarisasyon, pambobomba at panganganyon ng AFP. Ipinatutupad ang mga food blockade para gutumin ang mga nagbakwit at ginigipit kahit ang mga naghahatid ng ayuda at mga lokal na upisyal at ahensya ng estado.

Sa mga kalunsuran ng isla, walang pakundangan ang mga pagbabanta, pananakot at tahasang atake sa mga kalayaan at karapatang sibil. Binigyang-lisensya ng batas militar ang mga lokal na gubyerno na gipitin ang hayag na kilusang masa at ipatupad ang mga diktaduryal na kalakaran at hakbang tulad ng mga tsekpoynt at arbitraryong mga pagrerekisa. Inaatake nito ang mga nagwewelgang manggagawa at binubuwag ang kanilang mga unyon.

Walang ligtas sa benggatibo at sangganong panggigipit ng pamilyang Duterte. Lantaran nilang pinagbabantaan, minumura at inaalipusta ang sinumang naglalakas-loob na punahin ang kanilang pamamasista at korapsyon. Kabilang dito ang mga mamamahayag na tumangging magpakatuta sa kanila.

Inaatake ni Duterte ang kapwa niya burukrata, kahit ang mga dati niyang kaibigan at kroni, kung ang mga ito ay kalaban ng mga burukratang mas may pakinabang sa kanya. Binibigwasan din niya ang mga negosyanteng direktang kakumpetisyon ng kanyang mga kroni at alyado. Katuwang ang 10th ID, tinatarget niya ang mahigit 100 negosyo at indibidwal sa pagdadahilang nagbibigay ang mga ito ng pinansya at ayuda sa rebolusyonaryong kilusan.

Mula huling bahagi ng 2017, lalupang pinaarangkada ni Duterte ang todo-gera sa Mindanao. Nitong nagdaang mga buwan, dalawang bagongbuong batalyon na ang ipinakat niya sa mga prayoridad na probinsya sa isla. Nagdeploy din si Duterte ng dagdag na mga batalyon mula sa Luzon para palakasin ang nakalatag nang mga pormasyon sa isla, pinakahuli sa rehiyon ng Caraga. Ang rehiyong ito, gayundin sa ibang prubinsyang itinakda niyang prayoridad, ay mga lugar kung saan pinakamalakas ang paglaban ng mamamayan sa pagmimina, komersyal na plantasyon at iba pang dayuhang pandarambong.

Ipinatutupad ng rehimen ang malawakang operasyong militar, kasabay ng pambobomba at pagpapalipad ng mga drone, sa target na mga komunidad para itulak ang mga residente nito na magbakwit. Hinahalihaw ang mga ito ng mga tropa ng militar at paramilitar upang "magpasurender" ng mga sibilyan at iprisinta sila sa publiko bilang mga "sumukong NPA." Pinatitindi ang sistemang "logbook" kung saan inoobliga ang taumbaryo na iulat sa barangay at pulis ang sinumang bagong salta o bumibisita sa kanila. Mahigpit ang pagbabantay sa mga tsekpoynt kung saan agad na itinuturing na kriminal o terorista ang sinumang walang ID.

Hindi kusang iaatras ni Duterte ang batas militar sa Mindanao. Mismong ang kanyang alagad sa Department of National Defense na si Delfin Lorenzana ang nagsabing kakailanganin pa ang martial law lampas ng 2018 dahil hindi kakayanin ng AFP na gapiin ang BHB sa loob ng taon. Ito ay sa kabila ng hibang na pagmamayabang ng AFP na "kakalahatiin" nito ang rebolusyonaryong hukbo sa gitna ng taon.

Suportado ng imperyalismong US ang batas militar sa Mindanao. Nagbigay ito ng pambihirang pagkakataon na direktang manghimasok at idirihe ang mga operasyong kombat ng AFP matapos isara ang base ng kanilang mga espesyal na operasyon sa Zamboanga noong 2015. Nitong Enero 20, isinapubliko ng US ang bagong "pinangalanang operasyon" nito para sa "gera kontra-terorismo" ni Duterte, ang tinaguriang "Operation Pacific Eagle-Philippines" kapalit ng Operation Enduring Free-


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 2 | Enero 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.official

@prwc_info

fb.com/cppinfo

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Wakasan ang batas militar ng rehimeng US-Duterte sa Mindanao 1
**Pangalawang Editoryal**: Manindigan para sa malayang pamamahayag 5
Mga aksyong pamarusa ng BHB-SMR 1
Mga petisyon laban sa martial law 3
Martial law pabor sa kumprador at dayuhan 3
Laban sa pagbusal sa pamamahayag 6
Ang niraratsadang cha-cha 7
Pagsagasa ng TRAIN 8
Militarisasyon, tumitindi 9
Mga sakahan para sa digmang bayan 10
Aksyong pamamarusa sa India 11
Protesta kontra TRAIN at cha-cha 12
Mga protesta sa Greece 13



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

dom. Kapalit ng pondo at armas na ibubuhos ng US sa naturang operasyon, pinalayas ni Duterte ang daanlibong mga Moro sa Marawi City para bigyan-daan ang mga negosyo at base militar ng US. Sa tabing ng martial law, mahigit 300 sundalong Amerikano ang buong-panahong nananatili sa bansa para pamunuan ang mga operasyon ng AFP sa Mindanao.

Sa harap nito, mahalaga na patuloy na mapukaw at mapakilos ang mamamayan hindi lamang sa isla kundi sa buong bansa laban sa batas militar sa Mindanao. Bagamat Mindanao ang saklaw ng deklarasyon, sa aktwal ay umiiral ang teroristang paghahari ng pasistang rehimen sa buong bansa. Laganap ang mga pamamaslang at panggigipit sa Luzon at Visayas. Pinakamarami ang kaso ng ekstrahudisyal na mga pamamaslang sa ngalan ng "gera kontra-droga" sa pambansang kabisera.

Sa kagyat, dapat palawakin at palakasin pa ng pambansa-demokratikong organisasyon ang kilusang masa laban sa terorismo at pasismo ng estado. Dapat isa sa pangunahing panawagan nito ang kagyat na pagwawakas ng batas militar sa Mindanao.

Sa kanayunan, kung saan pinakamatindi ang mga atake ng rehimen, dapat maiwasang magkawatak-watak ang mamamayan at mahulog sila sa pagiging pasibo. Dapat malakas ang gawaing propaganda para puspusang ibunyag ang mga pang-aabuso at paglabag sa kanilang mga karapatan. Wasto lamang na dinadala ang kanilang laban maging sa mga internasyunal na korte at institusyon para papanagutin si Duterte at ang AFP.

Dapat buuin ang malawak na alyansa para sa pagwawakas ng batas militar sa Mindanao. Maaari itong buuin ng mga taga-Mindanao na nakabase sa Maynila at ibang bahagi ng bansa, kasama ang mga taong-simbahan, abugado, estudyante at iba pang demokratikong sektor.

Sa loob ng Mindanao, dapat palakasin ang mga pakikibakang masang kontra-pasista. Dapat ikumbina ang mga ito sa mga paglaban para sa disenteng kabuhayan at iba pang kagalingan.

Higit sa lahat, dapat palakasin pa ang mga bigwas ng Bagong Hukbong Bayan sa mga yunit ng AFP para ipagtanggol ang mamamayang tuluy-tuloy na inaatake nito. Dapat ilunsad ang mga taktikal na opensiba sa buong Mindanao para iwasan ang konsentrasyon sa iisa o iilang prubinsya at pwersahin ang AFP na batakin ang sarili. AB

## Apat na petisyon laban sa *martial law*, isinampa

NITONG ENERO, apat na petisyon ang isinampa sa Korte Suprema laban sa pagpapalawig ng martial law sa Mindanao. Ang mga ito ay isinampa nina Albay Representative Edcel Lagman, ng blokeng Makabayan at National Union of People's Lawyers, ni dating komisyuner ng Commission on Human Rights na si Loretta Ann Rosales at ni Christian Monsod, dating tagapangulo ng Commission on Elections.

Lahat ng petisyon ay nagsasaad na walang batayan ang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao.

Bago nito, pinabulaanan ni Arleen Alonzo, campaign officer ng Alliance for Genuine Development ang sinabi ni CHR-12 Director Erlan Deluvio, na ang masaker sa Barangay Ned, Lake Sebu, South Cotabato ang kauna-unahang paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng batas militar. Sa katunayan, nakapagtala na ang Karapatan-Soccsksargen ng 13 kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay sa rehiyon sa panahong ito. Dagdag pa dito ang mga pambobomba na nagtulak sa 200 pamilyang Lumad na magbakwit mula sa Lake Sebu, Malapatan, at Sultan Kudarat at maging sa Carmen, Magpet at Makilala sa Cotabato noong Nobyembre 2017. AB

## Martial law **sa Mindanao para sa kumprador at dayuhang interes**



ISA SA MGA layunin ng pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao ay para mairatsada ni Duterte ang mga proyektong imprastruktura sa ilallim ng kanyang programang Build, Build, Build. Ang mga proyektong ito, na popondohan ng utang mula sa mga imperyalistang bansa at institusyon, ay igagawad niya sa pinakapinapaborang mga kumprador at burukrata sa Mindanao. Bahagi ito ng kanyang panunuhol, kapalit ng kanilang suporta sa kanyang teroristang paghahari.

Mayorya ng mga proyektong imprastrukturang nakaplano sa Mindanao ay mga daan, paliparan, pantalan, sistema ng tren at tulay. Ang mga ito ay bahagi ng Mindanao Development Corridor na naglalayong "padulasin" ang pagnenegosyo sa isla. Sa partikular, padadaliin nito ang transportasyon ng mga produktong agrikultural ng mga komersyal na plantasyon para iluwas sa ibang bansa. Kabilang sa mga proyektong ito ang Mindanao Logistic Infrastructure Network na popondohan ng Japan International Cooperation Agency (JICA). Tatawid ang naturang sistema ng daan sa Cagayan de Oro, Butuan, Surigao, General Santos, at Davao. Palalayasin nito ang mga Lumad, Moro at setler sa mga komunidad na sasakupin ng proyekto.




Samantala, ang 280-kilometrong pagpapalawak ng mga kalsada sa Zamboanga Peninsula ay magdudulot ng dislokasyon ng mga residente sa di bababa sa anim na barangay. Higit sa 400 pamilya sa mga barangay ng Sto. Niño, Poblacion, New Dapitan, Farmington, Situbo at Sandayong ang papaalisin sa kanilang mga lupa sa isang bahagi pa lamang ng proyekto. Kabilang ang mga Lumad mula sa grupong Subanen at Kolibugan sa mga maaapektuhan. Halos 32,000 metro kwadrado naman ang matatamaan ng proyekto na mga taniman.

Ang iba pang malalaking proyekto ay ang Transport and Logistics Master Plan na magmomodernisa umano ng pampublikong transportasyon sa Davao City, Regional Development Project sa South Central Mindanao, Mindanao River Basin Flood Control Project at ang lagi't laging ibinabandera ni Duterte na Mindanao Rails Project.

**"Pandaigdigang pabrika"**

Ang mga proyekto para sa pagtatayo at pagpapalawak ng mga kalsada, paliparan at pantalan ay matagal nang plano ng Asian Development Bank (ADB). Bahagi ito ng Brunei Darussalam-Indonesia-Malaysia-Philippines East ASEAN Growth Area (BIMP-EAGA). Nagbubuhos ng pondo ang ADB kapalit ng higit pang pagbubukas ng mga lokal na ekonomya sa dayuhang kapital. Sa plano nito, tinukoy ang Mindanao na may malaking potensyal para maging tagasuplay ng hilaw na materyales, agro-processing, fishery products, petrochemical, forestry at wood processing, at turismo. Itatransporma diumano nito ang isla sa isang 'regional food basket' bilang bahagi ng neoliberal na pakanang "pandaigdigang pabrika."

Pinaghahatian ng tatlong malalaking internasyunal na ahensya para sa pagpapautang ang mga malalaking proyekto sa Mindanao. Ang USAID, JICA, at ADB ay maghahati sa tatlong bahagi ng Mindanao Development Corridor. Ang World Bank naman ang bahala sa Reconstruction and Development Program na bahagi ng Bangsamoro Development Plan. Para sa malalaking proyekto pa lamang, tinatayang aabot sa $213.2 bilyon ang kailangang utangin ng Pilipinas. Buong kakargahin ng mamamayan ang pagbabayad rito sa anyo ng mas mataas na singil sa serbisyo at habambuhay na pagbabayad ng gubyerno sa utang.

Ang ilan sa mga kumpanya ng mga kumprador at burukratang magagawaran ng mga kontrata ng mga proyekto ay ang Tagum Agricultural Development Company (Tadeco) ng mga Floirendo, RDEX Food International Phils Inc., Unifrutti, Sumifru, Dole, Del Monte, Udenna Corp. ni Dennis Uy na namuhunan na ng $200M para sa plantasyon ng goma, at ang International Container Terminal Services, Inc. ni Enrique Razon Jr.

**Pista ng mga buwitre sa Marawi**

Buong ibinukas ng rehimen ang syudad ng Marawi sa mga dayuhan at lokal na kumprador matapos nitong wasakin ang syudad at pagbawalan ang mga residente na bumalik dito. Para makakopo ng pinakamalalaking kikbak, pinayagan ng rehimen ang pagsusumite ng mga "unsolicited proposal" o mga mungkahing proyekto at negosyo mula sa malalaking kumpanya ayon sa kani-kanilang mga interes.

Isa sa mga "unsolicited proposal" na ito ang balak ng Sumitomo Mitsui Banking Corporation, ikalawa sa pinakamalaking institusyong pampinansya sa Japan, na maglatag ng export-processing zone para sa pagpoproseso ng pagkain sa syudad.

Nagbigay na rin ng kanyang mga "mungkahi" si Manuel Pangilinan para sa pagsasaayos ng imprastruktura ng kuryente at tubig at ng Amai Pakpak Medical Center. Ang mga Ayala naman ang nagprisintang magtayo ng iba pang mga ospital. Nagsumite na rin ng kani-kanilang mga mungkahi ang PLDT/Smart, Aboitiz Group, Jollibee Foods Corp., Pepsi Cola Philippines, FF Cruz, Meralco, Coca Cola, World Vision, Cebuana Lhuillier, San Miguel, LBC at SM.


Liban dito, tumanggap ang rehimen ng $23 milyon mula sa China at $2 milyon mula sa Japan para sa rekonstruksyon at rehabilitasyon. Nasa $5.22 milyon na ang ibinigay ng ADB. Sa lahat ng ito, pinakamalaki pa rin ang ibibigay ng US na umaabot na sa P1.06 bilyon.

Para makapang-akit ng mamumuhunan, plano ng Board of Investments na ilibre sa buwis ang kabuuang kita ng mga negosyo sa mayor na mga proyektong pang-imprastruktura. AB

PANGALAWANG EDITORYAL

# Manindigan para sa malayang pamamahayag

Naninindigan ang Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan sa pagtatanggol sa karapatan ng mamamayan para sa malayang pamamahayag at pagkundena sa pasistang rehimeng US-Duterte sa pagsikil nito. Batid ng mamamayan na bahagi ito ng mga hakbang ni Rodrigo Duterte tungo sa pagtatatag ng kanyang pasistang diktadura.




Layunin niyang ipangibabaw ang sariling makinarya sa propaganda, sa pangunguna ng kanyang payasong tagapagsalita, na walang ginagawa kundi sambahin siya, ipalaganap ang kanyang mga anti-mamamayang programa at bigyan-katwiran ang kanyang mga pasistang pakana.

Una nang ipinatupad ni Duterte ang pagsikil sa pamamahayag nang ideklara niya ang batas militar sa Mindanao. Nang sinalakay niya ang Marawi, mahigpit na kinontrol ng AFP ang pagbabalita ng midya sa nagaganap na mga sagupaan para itago ang malawakang pamamaslang at pagnanakaw ng kanyang mga sundalo. Sa halip, ipinakalat ng mga bayarang propagandista ng rehimen ang mga kwento ng "kabayanihan" ng mga sundalo, ang madalas niyang pagbisita at pagpuri sa mga tropa roon at maging ang pamamasyal ng mga artista at pulitiko sa "war zone" para palabasing positibo ang gera.

Sa pagtarget ng mga news source na kritikal sa kanyang rehimen, layunin ni Duterte na patahimikin ang midya sa buong bansa. Sa pamamagitan nito, nais niyang isara ang larangan para marinig at mamayani ang pinakamalalakas na boses sa mga progresibo at demokratikong sektor na lumalaban sa kanyang paghahari.

Maraming mga sektor at institusyon ang kumukundena sa kabaliwan ng kanyang mga gera ng pamamaslang at pangwawasak. Walang tigil ang pagbubunyag at pagbatikos ng mga tagapagtanggol sa karapatang-tao, gayundin ng mga pamilya ng mga biktima ng mga gera kontra-droga, todo-gera at batas militar. Sinasalubong ng protesta ang bawat pakana ng rehimen na makadayuhan at kontra-mamamayan.

Gayundin, nais niyang itago ang mga pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, laluna ng armadong hukbo nito, para pagmukhaing nakakamit ng AFP ang hibang na pangarap nitong pulbusin ang Bagong Hukbong Bayan ngayong taon. Kasabay nito, nais rin niyang itago ang kanyang mabuway na kontrol sa AFP na binabayo ngayon ng internal na pagbabangayan kaugnay sa mga makukurakot na pondo. Nais niyang pigilan ang pagsingaw ng malalaking kaso ng korapsyon at ismagling ng kanyang mga anak at pinakamalalapit na utusan.

Integral na bahagi sa plano ni Duterte na magtatag ng isang pasistang diktadura ang pagpapatahimik sa midya. Kasabay ito ng malawakang pamamaslang, pananakot, korapsyon at pagbabago ng konstitusyon. Plano pa ni Duterte na gawing permanente ang paglilimita sa kalayaan sa pamamahayag sa babaguhing konstitusyon.

Sa balangkas na ito, kailangang mahigpit na tutulan at labanan ang atake ng rehimen sa batayang karapatang sibil ng malayang pamamahayag. Dapat lalupang palakasin ng mamamayan ang pagpapalaganap sa tunay nilang kalagayan. Dapat pagsikapan nila, laluna ng kanilang mga progresibo at alternatibong midya, ang mabilis na pagpapalaganap ng balita at impormasyon kaugnay sa maramihang paglabag sa karapatang-tao, malawakang pambobomba at militarisasyon sa kanayunan at panggigipit sa kalunsuran. Dapat lalong hindi mangimi ang mga mamamahayag na batikusin at papanagutin ang rehimen sa lahat ng mga krimen at kabulukan nito. Ibunyag ang pinakamalalaking kaso ng korapsyon, laluna ng kanyang pamilya, mga kroni, kaibigan at pinakamalalapit na kumprador at panginoong maylupa.

Katulad ng idolo niyang si Marcos, kamumuhian si Duterte ng mamamayan sa walang kapantay na pagdurusang idudulot ng kanyang mga pakana. Nagkakamali siya sa pag-aakalang mabubusalan niya ang midya at ang mamamayan at mapipigilan niya ang paglawak ng kilusang kokontra sa kanya. Sa halip, lalong itutulak ng kanyang mga hakbang ang pagbubuklod sa mas marami pang mga grupo, anuman ang oryentasyon at ideolohiya, para labanan ang kanyang paghahari at pabagsakin siya. Anumang pagkakaiba sa pagitan nila ay magiging sekundaryo sa harap ng walang pakundangang pagyurak sa kanilang mga karapatan at kalayaan. AB

# Pagbusal ng rehimen sa kalayaan sa pamamahayag, nilalabanan

NITONG ENERO 11, kinansela ng rehimeng US-Duterte ang operasyon ng online na pahayagang Rappler, isa sa mga pahayagang katunggali ng kanyang mga bayarang propagandista at malimit maglabas ng mga balitang kontra sa rehimen. Bago pa man ito, kaliwa't kanan na ang mga atake at pagbabanta ni Duterte sa mga organisasyon at malalaking kumpanya ng masmidya at mamamahayag na tumutuligsa sa kanyang pamumuno.

Nauna nang sinupil ng rehimen ang dyaryong Philippine Daily Inquirer noong Hulyo 2017 nang bilhin ng isa sa mga paboritong kroni ni Duterte, si Ramon Ang, ang kontrol sa naturang dyaryo. Ilang buwan bago nito, sunud-sunod ang mga pagbabalita ng Inquirer tungkol sa mga akusasyon hinggil sa itinatagong yaman ni Duterte, gayundin tungkol sa kanyang brutal na "gera kontra-droga." Matapos ang atake sa Rappler ay pinagbantaan niya rin ang dating may-ari ng Inquirer na sasampahan ng kasong pandarambong. Sa kabilang banda, kasosyo ni Ang ang rehimen at ilan pang burgesya kumprador sa pagpapatakbo ng CNN-Philippines, na magtatanggal ng di-bababa sa 60 mamamahayag at manggagawa sa midya ngayong taon.

Kasunod ng pagkontrol sa Inquirer, tinanggihan ng Kongreso noong Oktubre 2017 ang aplikasyon ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) na palawigin para sa susunod na 25 taon ang prangkisa nito. Nakapailalim sa naturang prangkisa ang 54 istasyon ng radyo at telebisyon na pinapatakbo ng Simbahang Katoliko. Iniamba rin ni Duterte ang banta ng pagharang sa prangkisa ng ABS-CBN sa pagtatapos nito sa 2020. Sa isa sa mga satsat ng presidente, ikinagalit nito ang umano'y masamang imahe niya na ipinalalabas ng istasyon partikular sa gera sa Marawi. Kapalit ng umano'y pakikipag-areglo, inoobliga ni Duterte na magbalita ang naturang istasyon pabor sa itinutulak niyang pederalismo.

Napabalitang ipasasara na rin ni Manuel Pangilinan sa darating na Marso ang kanyang online na pahayagang Interaksyon, na masugid na naglalathala ng mga balitang kontra kay Duterte. Si Pangilinan, isa sa mga burgesya-kumprador na pinapaboran ng rehimen, ay kasosyo rin ni Ang sa pagkontrol ng Inquirer.




Maliban sa mga ito, ginigipit din ng National Telecommunications Commission ang may 30 istasyon ng radyo sa Davao Region dahil umano sa mga paglabag nito sa mga alituntunin sa komunikasyon at pamamahayag. Inianunsyo ng NTC Region 11 ang pagpapasara sa mga istasyon sa ipinatawag na press forum ng AFP at PNP nitong Enero 17.

Bago pa man ang mga atake sa malalaking kumpanya ng midya, nauna nang tinatarget ang mga myembro ng progresibong media. Kabilang dito ang iligal na pag-aresto kay Sherwin de Vera ng Northern Dispatch noong Disyembre 2017. Nakaranas din ng mga pagbabanta sa buhay ang mga mamamahayag ng Radyo ni Juan Network na sina Dodong Solis at Kath Cortez matapos ang mga pagbatikos nila sa korapsyon ng pamilyang Duterte. Ginipit naman ng militar at inakusahang terorista si Ariel Jebulan ng Manila Today habang nagbabalita tungkol sa pananalakay ng AFP sa Marawi.

Hindi lamang ligal na mga maniobra ng mga ahensya ng rehimen ang tipo ng atake sa mga kumpanya ng masmidya sa panahon ni Duterte. Tinarget din ng mga atake ang indibidwal na mga mamamahayag. Sa ilalim ng paghahari ni Duterte, hindi bababa sa anim na kaso ng pagpatay sa mamamahayag ang naitala ng Center for Media Freedom and Responsibility. Liban dito, mayroon ding sampung kaso ng panghaharas (kabilang ang mga online na atake), walong bigong pagpatay at tatlong bantang pagpatay, at tatlong pagsasampa ng kaso at isang pag-aresto sa libelo.

Ayon kay Prop. Luis Teodoro ng ALTERMIDYA, isang pambansang organisasyon ng mga alternatibong midya, ang pagkansela sa rehistro ng Rappler ay seryosong panganib sa kalayaan ng midya at kalayaan sa pamamahayag lalupa't isinagawa ito sa gitna ng malilinaw na indikasyon ng bantang diktadurya.

Kinuwestiyon din ni Teodoro ang motibo ng kanselasyon sa batayan ng umano'y dayuhang puhunan sa Rappler, gayong itinutulak nga ng administrasyon ang 100% dayuhang pagmamay-ari ng mga pampublikong yutilidad at masmidya sa pamamagitan ng charter change. Aniya, kontra ang ALTERMIDYA sa dayuhang pagmamay-ari ng midya, ngunit lalabanan ang pagsangkalan dito para busalan ang pamamahayag. Ayon pa sa propesor, walang ibang interpretasyon sa naturang kanselasyon kundi pakana upang patahimikin ang mga kritiko sa midya at magtanim ng takot sa mga mamamahayag na nagbabalita ng katotohanan tungkol sa kasalukuyang rehimen, at pagpapanagot dito.

Noong Enero 19, umabot sa 350 mamamahayag, blogger at mga manggagawa sa midya ang lumahok sa #BlackFridayForPressFreedom na ginanap sa Boy Scout Circle sa Quezon City. AB

# Ang niraratsadang *cha-cha* ni Duterte

Sa kabila ng malakas na pagtutol at pagbatikos ng blokeng minorya sa Kongreso, niratsada ng "supermayorya" ni Duterte ang House Concurrent Resolution No. 9 noong Enero 16. Binigyan ng naturang resolusyon ng kapangyarihan ang Kongreso na buuin ang mataas (senado) at mababang (kongreso) kapulungan bilang constituent assembly (con-ass) upang talakayin at ihanda ang charter change (cha-cha) o pagbabago sa Konstitusyong 1987.

Ayon kay Rep. Antonio Tinio ng ACT Teachers Partylist, malaking kalokohan ang pagpasa ng Kongreso sa resolusyon. Sa naturang sesyon, itinigil ng pamunuan ang mga pagtatanong at debate, at agad nagpatawag ng botohan. Ito'y sa kabila ng marami pang kongresista ang nais magpahayag ng kanilang opinyon.

Kamakailan, nagpahayag si House Speaker Pantaleon Alvarez ng katiyakan na maipapasa na ang bagong konstitusyon pagdating ng Mayo 2018. Layon ng proposed Federal Constitution ng PDP-Laban at Bicameral Resolution No. 8 na isulong ang pederalismo sa bansa, konsolidahin at palawigin ang kapangyarihan ni Duterte at ibukas ang ekonomya sa pag-aaring dayuhan.

Ayon naman kay Prop. Jose Ma. Sison, chief political consultant ng NDFP, sa pagsusulong ng pederalismo, layunin ni Duterte na ikonsolida ang kanyang kontrol bilang pasistang diktador at higit pang makapagsilbi sa kanyang mga imperyalistang amo at katulad niyang burukrata sa pamamagitan ng gawa-gawang transisyunal at regular na probisyon ng konstitusyon.

Itinatago sa likod ng pagbabago ng konstitusyon ang pakanang supilin ang anumang oposisyon laban sa paghahari ni Duterte. Kabilang dito ang pagtatanggal sa upisina ng bise-presidente at pagpapawalambisa ng kapangyarihan ng Korte Suprema na tukuyin ang anumang batas at patakaran ng rehimen na maglilimita sa kapangyarihan ng ehekutibo. Sa panukalang 10-taong transisyon patungo sa pederal na anyo ng gubyerno, bibigyang-laya si Duterte at lahat ng nakaupong upisyal na walang taning na maghari-harian sa bansa nang walang eleksyon.



Sa pag-aaral ng Bayan Muna sa naturang panukala, binibigyang-kapangyarihan nito ang pangulo na arbitraryong balasahin ang hudikatura at lagyan ito ng mga bagong mahistrado.

Ang mga upisyal ng mga independyenteng komisyon, tulad ng Commission on Elections, Commission on Audit, at Civil Service Commission ay kailangang magbitiw sa loob ng isang taon at ang papalit ay pipiliin din ng pangulo.

Gagawin din nitong libre sa pagbabayad ng buwis ang pangulo, mga senador, kongresista, mga mahistrado ng Korte Suprema at pinuno ng komisyon.

Agad na ibinasura ng mga senador ang HCR No. 9 ni Alvarez. Ayon kay Senate President Aquilino Pimentel III, may kaisahan na sa senado para magbuo bilang hiwalay na constituent assembly. Itinuturing ng ibang senador na "patay na" ang con-ass, lalupa't minamadali at minomonopolisa ito ng kongreso at ng PDP-Laban.

Magkakaiba ang paninindigan ng mga mahistrado hinggil sa proseso ng pag-amyenda ng konstitusyon at nilalaman nito.

Habang suportado ni Aquilino "Nene" Pimentel Jr. ang pederalismo, mariin nitong tinutulan ang posibleng senaryong "no-el" o walang eleksyon sa 2019 at ang tangkang pagpapalawig ng termino ng supermayorya ni Duterte.

Puna naman ng dating mga chief justice ng Korte Suprema na sina Hilario Davide Jr. at Reynato Puno, tila inaapura ang cha-cha. Para kay Puno, sa halip na tipirin ang pagbabago ng konstitusyon sa pamamagitan ng con-ass tinutulak nito ang "hybrid" constitutional convention o "con-con" na bubuuin ng 25 ka-taong hinalal at itinalagang delegado na mag-aaral at magrerebyu ng konstitusyon. Kung hindi rin daw pag-aaralan nang mabuti, maaaring magbigay pa ng higit na kapangyarihan sa dinastiya ng mga pamilya sa bansa. Tinawag naman ni Davide na "nakamamatay na eksperimento" at "talon patungong impyerno" ang pagpaling ng gubyerno tungong pederalismo.

Sa pahayag ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), inihalintulad ng grupo ang cha-cha ni Duterte sa iba pang tangkang pag-amyenda sa konstitusyon ng nakaraang mga rehimen. Tulad ng cha-cha noong panahon nina Ramos, Estrada at Arroyo, mariin din nilang tututulan ang cha-cha ni Duterte. Nanawagan ang Bayan sa mamamayan, sa mga senador at kongresista na ibasura ang cha-cha at pigilan ang panunumbalik ng maka-imperyalistang pasistang diktadura. Naglunsad sila ng kilos protesta sa harap ng Kongreso noong Enero 17. AB

# Pagsagasa ng TRAIN sa mamamayan

Sa pagbungad pa lamang ng taon, nagtataasang presyo ng pangunahing mga bilihin at serbisyo ang hatid ng rehimeng Duterte at mga alipures nito sa mamamayan.

Sa ilalim ng bagong batas sa pagbubuwis o Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN), tumaas nang hanggang P10 kada litro ang presyo ng inuming may asukal, P7/litro sa gasolina, P3/litro sa diesel, P12 kada tangke ng LPG habang P50-100 kada metriko tonelada naman sa karbon na magtataas sa singil ng kuryente nang hanggang P11/kwh.

Para sa mga karaniwang drayber ng dyip na maghapong kumokonsumo ng 30 litro ng diesel, lolobo nang mahigit P100 ang gastos sa langis.

Ang pagtaas ng presyo sa produktong petrolyo ay nangangahulugan din ng pagtaas ng presyo ng pagkain, produktong agrikultural, gamot, pamasahe at singil sa tubig at kuryente.

Nauna nang nagbabala ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa pagtaas ng presyo ng bigas mula P58 hanggang P60 kada kilo. Magiging P10.4272 bawat kilowatt hour (/kwh) naman ang singil ng MERALCO sa kuryente sa ilalim ng implementasyon ng TRAIN. Sa mga pamilyang kumukonsumo ng abereyds na 200 kwh bawat buwan, aabot sa mahigit P2,085 ang singil sa kuryente. Nakaamba na rin ang mga petisyon para sa dagdag-pasahe nang hanggang P4.


Tataas pa ang presyo ng serbisyo at bilihin sa susunod na tatlong taon, bukod sa kada linggong pagtaas ng presyo ng langis dahil sa deregulasyon.

Sa kabila ng lahat ng ito, walang tigil ang pagpapalusot ng Department of Finance (DOF) at Department of Trade and Industry (DTI). Anila, maliit lamang ang magiging epekto ng TRAIN sa pamilihan at hindi nito itataas pa naman ang implasyon para sa 2018. Giit pa nga ng DTI, pumunta na lamang daw sa tindahan na mura magbenta. Minaliit din ng ahensya ang pagtaas ng bilihin dahil "mangyayari lamang ito kada dalawang linggo." Para din umano isalba ang mamamayan sa tumataas na halaga ng bilihin, magbibigay ang DOF ng P200 kada buwan para sa 10 milyong mahihirap na pamilya sa pamamagitan ng Department of Social Welfare and Development.

Pinagmalaki pa ng gubyerno na makikinabang sa TRAIN ang 6.8 milyong Pilipino mula sa panggitna hanggang mababang saray na malilibre sa pagbabayad ng buwis sa sahod at sweldo. Ang totoo, magsisilbi lamang sa malalaking korporasyon at mayayaman ang pagbaba ng buwis sa kita. Sa pag-aaral ng IBON Foundation, ang 10% pinakamayayaman sa bansa na kumikita ng P104,170 kada buwan ay madaragdagan pa ng P90,793 kada taon. Samantala, P600-P2,000 kada taon naman ang mababawas sa kita ng 60% na pinakamahihirap na Pilipino. Magbigay man ang rehimen ng buwanang subsidyo na P200, hindi nito nilulutas ang malawakang kawalan at kakulangan ng hanapbuhay sa bansa.

Inaasahan ng rehimen na makakalikom ang TRAIN ng mahigit P1.3 trilyon para ipantustos sa grandyosong programa sa imprastruktura na nakakonsentra sa National Capital Region, Gitnang Luzon, at Timog Katagalugan. Mayorya sa mga proyektong ito ay paglalatag ng mga bagong tulay, riles, pantalan at paliparan na pakikinabangan ng mga oligarko sa bansa tulad ng Ayala, Cojuangco at Pangilinan at kasabwat nilang mga dayuhang monopolyo kapitalista. Walang ilalaan na pondo para sa irigasyon, mga gilingan at pasilidad matapos ang anihan, mga pampublikong paaralan at pampublikong ospital, at malawakang pabahay na kailangang-kailangan ng mahihirap na Pilipino.

Dagdag pa ng IBON, sa halip na buwisan ang mahihirap, dapat habulin ni Duterte ang mga bilyonaryo at korporasyong hindi nagbabayad ng buwis. Dapat din umanong magpatupad ng progresibong pagbubuwis para sa mas malalaki ang kita, babaan ang buwis ng pangunahing bilihin, at ibasura ang Value Added Tax. AB



# Militarisasyon sa kanayunan, tumitindi

Habang umaarangkada ang panggigipit ng rehimeng US-Duterte sa kalunsuran, patuloy ang walang puknat na pamamaslang, militarisasyon at panggigipit nito sa kanayunan.

**Pagpaslang.** Enero 20, pinatay ng pinaniniwalaang ahente ng militar si James Flores, 33, residente ng Purok Cadena, Barangay Mankilam Tagum City, Davao del Norte. Si Flores ay myembro ng Pederasyon sa tanang Asosasyon sa mga Mag-uuma ug Lumad sa Agusan ug Davao.

Noong Enero 15, natagpuan ang bangkay ni Aaron Notarte sa isang punerarya sa Trento, Agusan Del Sur. Dinala ito ng mga sundalo ng 75th IB at sinabing NPA na napatay sa labanan sa Area 69, Barangay Imelda, Bunawan, Agusan del Sur.

Si Notarte ay opereytor ng chainsaw, sakay ng motorsiklo at pauwi na nang makasalubong ng nag-ooperasyong tropa ng 75thIB. Bugbog at dalawang tama ng bala ang nakita sa katawan nito. Nawawala din ang P10,000 ni Notarte.

**Militarisasyon.** Sa Surigao del Sur, ipinailalim sa tuluy-tuloy na operasyong militar ng 75th IB ang siyam na eskwelahang Lumad sa ilalim ng TRIFPSS at ALCADEV at 14 pang komunidad. Noong Enero 7, nagsimula ang paggalugad ng mga sundalo alas-2 ng umaga mula sa Km. 6 hanggang Km. 14 sa Neptune, Diatagon, Lianga. Dalawang trak ng tropang militar ang nag-operasyon at nagtayo ng tsekpoynt sa lugar.

Kinabukasan, namataan ang tropang militar sa Sityo Han-ayan, Diatagon gayundin sa karatig na Sityo Magkahunaw, Buhisan, San Agustin. Ayon sa mga residente, may mga pagsabog at putok ng baril na narinig malapit sa Sityo Magkahunao mula Enero 8 hanggang 13. May namataan ding mga drone madaling araw ng Enero 16 at hapon ng Enero 13. Ang naturang mga operasyong militar ay pagbibigay-daan sa pagpasok ng minahan ng karbon sa Andap Valley, lupaing ninuno ng mga Manobo.

**Davao del Norte.** Patuloy namang nakararanas ng panggigipit ang mga mamamayang Lumad sa Kapalong. Ayon kay Datu Mentroso Malibato, tagapangulo ng organisasyong Lumad na Kadrayawan, pinipigilan ng mga sundalo at paramilitar na Alamara ang pagpasok ng suplay ng pagkain patungo sa malalayong komunidad mula pa noong Disyembre 23.

Apektado ng nasabing blokeyo ang may 200 pamilyang Lumad sa mga sityo ng Muling, Mangkay, Lunloluno, Kamumunuan, Bugton Lubi, at Kapatagan sa Barangay Gupitan, Kapalong. Pinagbabawalan ng mga myembro ng Alamara ang mga residente na pumasok sa Sityo Patil na pasukan papunta sa iba pang mga komunidad.

**Quezon.** Noong Enero 15 sa Lopez, dumanas ng matinding ligalig ang ang mga residente sa Barangay Jongo at mga karatig baryo dahil sa operasyong militar ng 85th IB. Dinahas naman ng mga sundalo ang inilunsad na fact finding mission ng KARAPATAN-ST noong Enero 17 na mag-iimbestiga sa militarisasyon.

**Batangas**. Naglunsad ng operasyong militar ang 730th Combat Group ng Philippine Air Force at Public Safety Company ng PNP sa Sityo Sales, Barangay Pooc sa Balayan, at mga barangay ng Kalantas at Coral ni Lopez sa Calaca noong Enero 13. Nagdulot ito ng matinding takot sa mga residente.

**Panggigipit at iligal na pang-aaresto.** Noong Enero 9, bandang alas-3 ng umaga, dinakip ng pinagsanib na 15th IB, 39th IB at Magpet PNP ang mga aktibistang magsasaka na sina Jarold Adiaton, 29, at Jane Solis, 26, mga residente ng Barangay Balite, Magpet, North Cotabato at myembro ng Balite Farmers Association o BFA. Sa parehong araw at bayan, iligal ding inaresto si Datu Maylan Andas, 59, myembro ng Manobo Aromanen Pasakkaday Association o MAPA at residente ng Sityo Tungao, Barangay Tempuran habang nagpapakain ng kanyang mga alagang manok.

Ang BFA ay isang lokal na organisasyon ng mga magsasaka na nakabase sa Magpet at nasa ilalim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-North Cotabato habang ang MAPA ay antas-munisipal na organisasyon ng mga Lumad at nasa ilalim naman ng Apo Sandawa Lumadnung Panaghiusa sa Cotabato (ASLPC).

Noong Enero 8, pinagbabaril ng pinaniniwalaang mga ahente ng militar ang bahay ng mag-asawang Lumad na sina Ronel, 29 at Jingky Asay, 33 nang alas-8:00 ng gabi sa Barangay Bangayan, Kitcharao, Agusan Del Norte. Ang mga Asay ay myembro ng Kayapan-Amihan, organisasyon ng Mamanwa sa nasabing barangay. Aktibong nagsasagawa ang 29th IB ng operasyong militar sa lugar at nakakampo dalawang kilometro ang layo sa bahay ng mga Asay. Dati nang hinaharas ng militar si Ronel dahil sa kaugnayan niya sa Kayapan-Amihan.

Sa Negros, patuloy na hinaharas ng mga pinagdududahang ahenteng militar ang pamilya ni Elisa Badayos, tagapangulo ng Karapatan-Central Visayas na pinatay noong Disyembre 2017. Noong Enero 10, alas-6 ng umaga, habang pasakay ng taxi ang pamangkin ni Badayos na si Cheska Condes, iniabot sa kanya ng isang lalaki ang kapirasong papel na naglalaman ng pagbabanta sa kanyang buhay kung patuloy na lalahok sa mga rali.

Noong Enero 16, pwersahang kinuha ng mga pinaghihinalaang militar ang mga magsasaka na sina Filjun Celeste Arpajo, 30, at Venjie Catampo, 28, mga residente ng Purok Mahayahay, Barangay Marayag, Lupon, Davao Oriental. Ayon sa mga residente, dinala ang dalawa at sapilitang pinaggiya ng mga sundalo sa kanilang operasyon sa lugar. Sa kasalukuyan ay nasa kustodiya pa sila ng militar. AB

# Mga sakahan para sa digmang bayan

Bahagi ng malulupit na hakbang ng todo-gerang inilulunsad ngayon ng rehimeng US-Duterte ang pagpataw ng Armed Forces of the Philippines ng food blockade (pagharang sa pagkain) sa mga eryang kanilang inooperasyon. Ang pamamaraang ito, na matagal nang itinuro ng mga tropang US sa AFP, ay nagtatangkang putulin ang suplay ng pagkain tungo sa mga komunidad na pinagbibintangang sumusuporta sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa ilang larangang gerilya sa Mindanao, matagumpay nang napapangibabawan ng masa ang pagkakait ng mga sundalo ng pagkain sa mga komunidad. Maliban sa pagtugon sa pangangailangan sa pagkain ng kani-kanilang mga pamilya, nakapaglalaan na rin ang produksyon para sa karagdagang mga pangangailangan ng komunidad. Sa katunayan, sa isang mayor na operasyon ng kaaway na tumagal nang halos isang taon, sapat-sapat ang pagkain ng masa sa kabila ng ipinatupad na food blockade. Sa ibang lugar kung saan nagbakwit ang mga residente, bumalik silang mayroon pang aanihin mula sa kanilang mga sakahan.

Bunga ito ng mahabang proseso na inumpisahan ng mga komite ng Partido, hukbong bayan at mga komunidad noong maagang bahagi ng kasalukuyang dekada. Nagsimula ang kampanya sa kaisahan sa loob ng mga namumunong komite na ang pagpapaunlad ng produksyon ay dapat na nakatuon sa pagsustine sa digmang bayan.

Upang isakatuparan ito, isa sa mga tinarget na makamit ang ekonomyang nakasasapat-sa-sarili na nilalahukan ng lahat ng mga komunidad at baryong kinikilusan ng hukbong bayan.

Ayon kay Ka Che, myembro ng isa sa mga komiteng nagpatupad ng kampanya, pagbibigay-edukasyon ang unang naging hakbang. "Iniaangat muna ang kamalayang pampulitika ng mamamayan para maunawaan nila ang kabuluhan ng paglahok nila sa kampanya sa pagpapaunlad ng ekonomya," aniya.

Hindi naging madali ang paglarga ng kampanya. "Sa pagdating pa lang namin sa erya, hindi pa organisado ang mga residente bilang mga komunidad. Watak-watak pa ang kabahayan at syempre, ang kani-kanilang mga sakahan." Resulta ito ng mahabang panahong kinasanayan ng masa sa lugar na magpalipat-lipat ng sakahan matapos makapag-ani. Gayundin, dahil sa bangis ng mga operasyon ng AFP, itinutulak ang mga pamilya na tumalilis at maghanap ng ligtas na lugar. Kinailangan pang isa-isahin ng mga kasama ang bawat bahay, kabilang yaong mga nasa pinakaliblib, at kumbinsihin ang bawat pamilya na mag-ipon at magbuo ng komunidad.

"Nang mabuo ang komunidad, natuklasan namin na marami pala ang mga pamilyang naninirahan sa lugar. Matapos silang pulungin at bigyan ng mga pag-aaral, isinunod na ang pagbubuo ng mga kaukulang komiteng magpapatupad ng kampanya sa produksyon, kasabay ng iba pang komite sa loob ng mga rebolusyonaryong baryo," ayon pa kay Ka Che. Samantala, patuloy ring nilalapitan ang iba pang pamilya upang magpaloob sa komunidad.

Dagdag na hamon din ang kalunos-lunos na kabuhayan ng masa nang datnan ng mga kasama. Ni hindi makasapat sa pangangailangan ng mga pamilya ang dati nilang itinatanim. "Noon, kadalasa'y nami (isang tipo ng ligaw na halamang-ugat) lamang ang pagkain ng masa," alala ni Ka Che. "Kapos din maging sa mga batayang pangangailangan sa bahay kung kaya't sa simula, tinitipid ng mga yunit ng hukbong bayan ang sariling badyet upang makapag-ambag sa pagbili ng itak, damit, at kahit asin ng masa."

Masusing pagkukwenta ang kasunod na gawain ng mga kasama. Katuwang ang mga komite, nagkaroon ng konsultahan sa bawat pamilya at tinaya ang konsumo ng mga ito kumpara sa lawak ng taniman at dami ng produkto sa bawat takdang panahon ng pagtatanim. "Gaano kalaki ang pamilya? Gaano karami ang nakukonsumo ng bawat myembro bawat buwan? Gaano kalawak ang kailangang bungkalin para makasapat na sa pamilya? Ang mga ito ang uminog na mga



usapin sa mga konsultahan," kwento ni Ka Che. Kalahok ang hukbong bayan sa buong proseso ng kampanya, mula sa pagpaplano, pangangalap ng binhi, at pagtatrabaho sa mga sakahan.

Pinagkaisahan din ang tipo ng mga pananim na payayabungin. Mayroong mga pangmadalian, mayroong pangmatagalan. "Sa loob ng tatlong buwan, mapapakinabangan na ang mais, gayundin ang kamote. Dagdag dito, pinadami din ng mga pamilya ang mga itinatanim nilang balinghoy, saging, gabi at mga gulayin. Regular din ang pagtatanim ng palay sa mga kaingin," pagbabahagi pa ni Ka Che. Liban sa mga ito na itinuturing na "pananim na pangkonsumo," nagtatanim din ng mga tinatawag na "pananim na pangkwarta" tulad ng abaka at kape, na siyang pagkukunan ng pambili ng mga gamit sa bahay tulad ng sabon, asin at iba pa.

Dahil nabuo na bilang mga komunidad, mas malalapit na rin ang mga sakahan ng bawat pamilya. Nakatulong nga ang pagsasamasama ng mga kabahayan sa pagpapabilis ng pag-unlad ng produksyon. Madali na lamang na nagkakabahaginan ng mga binhi ang mga pamilya, at gayundin ang mga karatig-komunidad, na may karaniwa'y isa hanggang tatlong oras na lakad lang ang pagitan. Isinasapraktika na rin ng mga komunidad ang hunglos. Ang bawat pangkat ay binubuo ng limang pamilya at nagtutulong-tulong sa pagtrabaho sa sakahan ng ka-grupo, tulad ng bayanihan ng masa sa iba't ibang panig ng bansa.

Binabasag na rin ng mga komunidad ang lumang nakagawian na naghihintay pa ng ilang panahon matapos ang anihan upang muling makapagtanim. Sa halip, ayon kay Ka Che, hindi na lamang isang beses kada taon ang pagtatanim. "Tuluy-tuloy na. Matapos makapagani ay agad na rin silang naghahawan para masimulan na ang sunod na pagtatanim." Bahagi rin ng gawain ng mga komite ang pana-panahong pagtatasa ng itinatakbo ng kampanya.

Nang dumating ang panahong natutugunan na ang pangangailangan ng komunidad sa pagkain at mayroon nang naiipong sobra, sinimulan na rin ng mga kasama ang pamamahagi ng mga hayop tulad ng manok, kambing at baboy. Karagdagang suporta ito sa mga pamilya sa kanilang iba pang gastusin tulad ng pag-aaral ng mga anak, at mga konsumo sa bahay. Kapag nagsupling na ang mga hayop, nagbabahagi na sa ibang pamilya at komunidad.

Samantala, sa eryang kinikilusan naman ni Ka Menang, mag-iisang taon na ang sinimulan nilang palayan sa tubigan na magdaragdag pa sa produksyon ng mga umiiral nang sakahan. Naaaliw na lamang si Ka Menang kapag inaalala ang mga sakripisyo sa pagsisimula. "Hindi problema ang maghanap ng suplay ng tubig," aniya. "Pero dahil sa kakulangan pa natin ng mga kagamitan, mas kailangang paramihin ang lakas-paggawa sa pagpatag ng lupa, paggawa ng mga pilapil, at iba pa." Noong wala pang nagagamit na kalabaw ang komunidad, tatlong tao ang humihila ng araro para mabungkal ang palayan. "Sinikap talaga ng mga kasama at ng komunidad na magpalayan sa tubigan dahil halos doble ang naaani rito kumpara sa palayan sa kaingin," paglilinaw ni Ka Menang.

Dahil nakabalangkas sa digmang bayan ang pagpapaunlad ng produksyon ng mga komunidad, bahagi na rin ng pagtaya ang atake ng AFP sa kanilang mga sakahan. Sinusunog ng mga nag-ooperasyong sundalo ang mga bodegang pinaglalagakan ng mga ani at binhi, kaya't itinatayo na ang mga ito sa mga tagong lugar sa komunidad. Dahil din sa dami ng mga itinanim na halamang-ugat, hindi nagagawang bungkalin lahat ang mga ito ng mga sundalo at sirain. "Kaya ang kamote at gabi, hindi lamang matibay ang mga ito laban sa bagyo, kundi pati na rin sa sundalo," ayon kay Ka Menang.

Tinatanaw ng mga kasama ang pag-abante pa ng produksyon sa mga komunidad. Sa ngayon, sinisimulan na ang mga komunal na taniman bilang dagdag pang suporta sa pagkain. Sa mga ito, limang pamilya ang tulong-tulong na magpapayaman ng isang ektaryang taniman. Lalo nitong pahihigpitin ang pagkakaisa ng mga residente sa lugar, mula sa pagiging watak-watak na kabahayan, tungo sa mga komunidad na organisadong nagpoproduksyon sa gitna ng umiigting na digmang bayan. AB

## Aksyong pamamarusa ng mga Pulang mandirigma sa India

SA BANSANG INDIA, sa West Singhbhum District ng Jharkhand, naglunsad ng aksyong pamamarusa ang mga Pulang mandirigma ng Communist Party of India-Maoist laban sa KD Construction noong Enero 8. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang apat na tractor at isa pang heavy equipment na ginagamit sa isang proyektong pagtatayo ng kanal.

Pinarusahan din ang mga kumpanyang nagtatayo ng kalsada sa Lanjigarh, Kalahandi district noong Enero 9. Sinunog nila ang apat na tractor at isang cement mixer .

Ang pamamarusa ay isinagawa ng mga Pulang mandirigma upang labanan ang anti-mamamayan at kontra-kalikasang proyekto katulad ng PMGSY (Pradhan Mantri Gram Sadak Yojana) na magpapalayas at sisira sa kalikasan at kabuhayan ng maraming Indian.

# Mga protesta laban sa TRAIN at *cha-cha*

Tuluy-tuloy ang paglulunsad ng mga protesta ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa laban sa pagbabago ng konstitusyon, TRAIN, pagsikil sa pamamahayag, laganap na pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

**Kontra-TRAIN at** cha-cha. Naglunsad ng "payday protest" at "tax revolt" ang Bayan-Metro Manila, Gabriela, KMU, Kadamay laban sa bagong batas ng rehimen sa pagbubuwis o Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Ginanap ang protesta sa palengke ng Trabajo sa syudad ng Maynila noong Enero 15. Nilibot ng grupo ang mga palengke para ikumpara ang presyo ng mga bilihin ngayon at noong nakaraang taon at alamin kung anu-ano na lamang ang mabibili sa P70, ang abereyds na pwedeng gastusin ng isang pamilya para sa pagkain sa NCR. Nagkaroon din ng parehong protesta sa palengke ng Muñoz sa Quezon City, Bagong Silang sa Caloocan at Sta. Quiteria Church at Plaza Salamanca sa Maynila,

Noong Enero 15, sumugod ang grupo ng mga mangingisda at magsasaka sa ilalim ng Pamalakaya at KMP sa kongreso upang ipanawagan na ibasura ang TRAIN na magdadagdag ng gastos sa sektor ng agrikultura.

Sa ibang bahagi ng bansa, nagprotesta ang mga estudyante sa University of the Philippines-Miagao sa Panay noong Enero 17 para tuligsain ang TRAIN, pagsikil sa malayang pamamahayag at chacha ni Duterte.

Noong Enero 18, sa pangunguna ng Kadamay kasama ang KMU, sinalubong ng pagkundena ang TRAIN sa Davao City. Ayon kay Francis Ruba, tagapagsalita ng Kadamay, mababawasan ang kita ng 15 milyong manggagawa sa rehiyon na sumasahod lamang ng P250 kada araw dahil sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Sa pakikiisa sa selebrasyon ng Ati-atihan sa Aklan, naglunsad ng Sadsad (katuwaan) ang Bayan-Aklan bilang porma ng kanilang pag-alala sa pista ng Sto. Niño at protesta laban sa TRAIN at chacha. Ayon kay Kim-Sin F. Tugna, officer-in-charge ng Bayan-Aklan, ang selebrasyon ng Ati-atihan ay hindi dapat ihiwalay sa tiranikong kondisyon ng ating bansa.

Naglunsad rin ng kontra-TRAIN na protesta ang Bayan-Timog Katagalugan sa Barangay Pulo, Cabuyao, Laguna noong Enero 16. Anang grupo, 60% o 13.7 milyong pamilya sa rehiyon ang lalong malulugmok sa kahirapan dahil sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Sa Panay noong Enero 10, nakiisa ang BAYAN-Panay sa pagtutol sa TRAIN. Anito, kailangang magkaisa at lumahok ang mamamayan sa mga mobilisasyon upang patuloy na iprotesta ang bagong pasanin at hindi katanggap-tanggap na pahirap sa mamamayan. Binuo sa Panay ang SCRAP TRAIN Network-Panay na pinangunahan ni Elmer Forro.

**Protesta ng mga guro.** Nagpiket ang Alliance of Concerned Teachers-NCR noong Enero 12 sa harap ng tanggapan ng Department of Budget and Management sa Maynila upang igiit na dagdagan ang kanilang sweldo.

Noong Enero 6, nagpahayag si Duterte na itataas ang sweldo ng mga pampublikong guro matapos niyang itaas ang mga sweldo ng sundalo at pulis nang hanggang 29%-100%. Pero agad na sinalungat ng kalihim ng Department of Budget and Management na si Benjamin Diokno ang pangako ni Duterte. Magkakahalaga diumano ng P500 trilyon kung itataas ang sweldo ng mga guro at hindi ito prayoridad. Ayon kay Diokno, "Mas kailangang tugunan ang "Build, Build, Build," proyektong imprastruktura ni Duterte. Dahil dito idineklara ng mga guro na "teachers' enemy #1" si Diokno.

**Mga kilos manggagawa.** Nagkaroon ng paghaharap noong Enero 19 ang apat na kinatawan mula sa ACME Hardware, Far East Marketing, Leyte Home Depot at Leyte Lumber Yard at ang mga manggagawa nito sa pangunguna ng Katiguban han mga Trabahador ngan Hornal ha mga Bodega han Tacloban—KATRABAHO-KMU. Subalit wala silang inabot na pagkakasundo. Ayon kay Napoleon Escalona, tagapagsalita ng KATRABAHO-KMU, "Nagpapakita lamang ito na ang malalaking negosyong katulad nila ay banta sa manggagawa. Ang hinihingi lamang namin ay P0.50 sentimong dagdag na hindi nga makakaagapay sa mabilis na pagtaas ng halaga ng pangunahing mga bilihin lalupa't may TRAIN ni Duterte." Muling maghaharap ang mga manggagawa at maneydsment sa Enero 24.

Bago ang dayalogo, sumugod ang may 55 manggagawa sa bodega sa Department of Labor and Employment (DOLE) noong Enero 12 upang muling itambol ang kanilang hinihinging dagdag na P.50 sa pagbubuhat kada sako ng semento. Iginiit din nilang mabigyan sila ng mga benepisyo tulad ng SSS at Philhealth.

Noong Enero 11, sumugod sa tanggapan ng DOLE sa Intramuros, Manila ang Samahan ng Manggagawa sa Harbour Centre dahil sa hindi sapat na natanggap nilang 13th month pay. "Hindi masaya ang Pasko at Bagong Taon naming mga kontraktwal na manggagawa dahil sa ginawa sa amin ng agency. Saan ka nakakita ng 13th month pay na P1,000 hanggang P4,000 lang?"

ito ang pahayag ng presidente ng Samahan ng Manggagawa sa Harbour Centre na si Eldefonso Bello. Sa kwenta ng mga manggagawa, dapat umabot ng P6,000 hanggang P10,000 ang matatanggap nilang 13th month pay. Si Wilma Indimni, kontraktwal na manggagawa ay nakatanggap lamang ng P481.72, katumbas lamang ng kanyang isang araw na sahod.

Noong Enero 3, naglunsad ng protesta ang mga myembro ng Ateneo Employees and Workers Union (AEWU) ng Ateneo de Manila sa Quezon City kasunod ng di pagkakasundo sa collective bargaining agreement (CBA) sa pagitan nito at ng administrasyon ng Ateneo. Ang mga serye ng kanilang protesta ay para igiit ang pagtaas ng kanilang sahod. Nagsampa ng "notice of strike" ang AEWU noong Disyembre 21.

**Pagtatanggol sa mga paaralan.** Naglunsad ng protesta noong Enero 10 ang Save Our Schools (SOS) Network sa tarangkahan ng Kapitan Tomas Monteverde Sr. Elementary School sa Davao City kasabay ng pagbisita ni Secretary Leonor Briones ng Department of Education sa eskwelahan. Imbes na harapin sila, kinansela ni Briones ang kanyang pagbisita.

Ayon kay Rius Valle, tagapagsalita ng SOS Network, naglunsad sila ng protesta upang igiit na ibigay na ang permit ng mga paaralang Lumad. Dagdag pa niya, umabot na sa 14 ang permit na dalawa hanggang apat na taon ng nakabimbin kahit pa nakatugon na ang mga ito sa hinihinging rekisito ng departamento.

**Kontra-pasismo.** Nagpiket noong Enero 19 ang mga magsasaka sa harap ng hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines (AFP) upang kundenahin ang pagpaslang sa mahigit 100 magsasaka simula nang maupo si Duterte sa poder. "Aanhin ang mataas na rating ng pangulo sa survey kung patuloy namang naaapi ang mga magsasaka at mga Lumad," tanong ng pangkalahatang tagapangulo ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas na si Antonio Flores.

Noong Enero 10, nagrali ang Karapatan, Hustisya at Desaparecidos sa harap ng Department of Interior and Local Government upang kundenahin ang pagkakatalaga ng dating pinuno ng AFP na si General Eduardo Año bilang kalihim nito. Ayon sa grupo, magiging pangunahing tagapagpatupad lamang si Año ng mga brutal na kampanya kontra-droga, pag-aresto at crackdown sa mga aktibista sa ilalim ng rehimeng Duterte.

**Kontra-mina.** Noong Enero 11, nagprotesta ang mga makakalikasang grupo sa ilalim ng Panalipdan-Southern Mindanao (PSM) laban sa planong pagbenta ng Philippine Mining Development Corporation (PMDC) sa ginto at yamang mineral ng Mt. Diwalwal sa isang kumpanyang Australian. Nakipagkasundo ang Philippine Economic Zone Authority (PEZA) sa PMDC na ideklarang lugar para proseso ng industriya ng pagmimina ang may 8,100 ektarya ng Diwalwal Mineral Reservation.

“Kapag natuloy ang plano ng PMDC, matatanggal ang komunidad ng maliitang pagmimina,” ayon kay Kim Gargar, tagapagsalita ng PSM. Ang PMDC ay kontroladong korporasyon at pag-aari ng gubyerno.

**Para sa kagalingan.** Noong Enero 9, nagpiket ang Bayan-Panay kasama ang Panay Consumers' Alliance (PCA) sa harap ng Iloilo City Hall upang labanan ang plano nitong pagsasapribado ng Metro Iloilo Water District o MIWD.

"Ang tubig ay pangunahing karapatan ng mamamayan. Obligasyon ng gubyerno na tiyaking makarating ang mabilis, mura at malinis na tubig sa taong bayan," Ito ang pahayag ni Lucy Francisco, tagapagsalita ng PCA. Iginawad sa Metro Pacific Investments Corp. o MPIC ang isasagawang imprastruktura sa MIWD na nagkakahalaga ng P12.35 bilyon na proyekto. Ang MPIC ay pag-aari ni Manuel V. Pangilinan.

“Ganito ang pribatisasyon, ang suplay, transmisyon, pamamahagi at maging ang maneydsment ng MIWD ay nakaasa sa pribadong kumpanya kung saan higit na maggaganansya kapalit ng matinding pagdurusa ng taumbayan. Sa loob ng sampung taon, malaki ang itinaas ng halaga nito, nagtaas ng 357.6% ang Maynilad samantalang ang Manila Water ay 414.4%," dagdag ni Francisco. AB

## Mga protesta sa bansang Greece, muling sumiklab

UMABOT SA 9,000 mamamayan ang nagprotesta sa bansang Greece matapos ipanukala sa kanilang kongreso na amyendahan ang batas na nagtitiyak sa kanilang karapatan para magwelga at makipagnegosasyon.

Ayon sa pinakamalaking pederasyon ng mga unyon sa bansa, kulang na lang ay patayin ang mga manggagawa, pensyonado at mga walang hanapbuhay sa panukalang batas na ipinag-uutos ng mga institusyong nagpapautang sa Greece.

Bahagi ng panukala ang pagtataas ng mga rekisito para makapaglunsad ng welga. Itinatakda rin ng panukala na itaas ang strike vote mula sangkatlo ng mga myembro ng mga unyon tungong 50%.

Ayon sa mga unyon, makakaapekto ito sa 99% ng mga welga sa hinaharap. Ibinabasura nito ang tanging natitirang armas ng mga manggagawa para ipagtanggol ang mga sarili, laluna matapos itigil ang kolektibong pakikipagtawaran (collective bargaining), ayon pa sa mga unyonista.